

# 5 Bagay na Dapat Mong Malaman Tungkol sa Diskriminasyon Dahil sa Kapansanan sa mga Lugar ng Pampublikong Akomodasyon

- 1** Ipinagbabawal ng Batas Laban sa Diskriminasyon (Law Against Discrimination, LAD) ng New Jersey ang diskriminasyon dahil sa kapansanan at panliligalig sa mga lugar na bukas sa publiko. Nalalapat ang LAD sa lahat ng lugar ng pampublikong akomodasyon, na kinabibilangan ng mga restawran, tindahan, paaralan, bangko, kagawaran ng pulisya, sinehan, kulungan, bilangguan, tanggapan ng mga doktor, ospital, iba pang medikal na pasilidad, at higit pa.
- 2** Ang mga lugar na bukas sa publiko ay hindi maaaring tumanggi na maglingkod, magtrato, o itanggi ang access sa mga produkto at serbisyo batay sa kapansanan ng isang tao. Ang mga lugar ng pampublikong akomodasyon ay hindi maaaring magsabit ng mga karatula na tumatanggi sa pagpasok ng mga taong may kapansanan. Halimbawa, hindi maaaring tumanggi ang mga restawran na maglingkod sa mga customer na bingi o mahina ang pandinig, at hindi maaaring tumanggi ang mga doktor na gamutin ang isang pasyente para sa isang kondisyon dahil sa kapansanan sa intelektuwal ng isang pasyente.
- 3** Hindi maaaring mabawasan ng diskriminasyon dahil sa kapansanan ang iyong pag-access sa mga lugar na bukas sa publiko. Dapat gawing naa-access ng mga lugar ng pampublikong akomodasyon ang kanilang mga kalakal at serbisyo o magbigay ng makatuwirang kaluwagan maliban kung ang kaluwagan ay magdudulot ng hindi nararapat na pasanin para sa negosyo. Maaaring kabilang dito ang mga tindahan na nagbibigay ng paghahatid sa gilid ng bangketa, mga sinehan na nagbibigay ng pantulong sa pakikinig o mga closed caption device, at mga driver ng bus na tumutulong sa mga gumagamit ng wheelchair sa mga bus.
- 4** Hindi ka maaaring singilin para sa paggamit ng isang legal na kinakailangang akomodasyon para sa iyong kapansanan. Ang mga pampublikong akomodasyon ay inatasan ng batas na magbigay ng ilang partikular na kaluwagan para sa mga kapansanan, at hindi ka nila maaaring singilin ng karagdagan upang magamit ang mga akomodasyong iyon. Halimbawa, hindi ka maaaring singilin ng mga taxi at rideshare ng karagdagang bayad para sa pangangailangan ng mas maraming oras upang makapasok sa kotse dahil sa isang kapansanan.
- 5** Hindi ka maaaring tanggihan ng access sa isang lugar ng pampublikong akomodasyon dahil ikaw ay may sinanay na service o guide dog. Ang sinanay na service o guide dog ay maaaring samahan ka sa lahat ng oras, kabilang ang mga lugar na bukas sa publiko. Ang mga pampublikong akomodasyon ay hindi maaaring tumanggi na pagsilbihan o tanggapin ka dahil sa pagkakaroon ng service o guide dog.

Upang malaman ang higit pa o upang maghain ng reklamo, pumunta sa [NJCivilRights.gov](http://NJCivilRights.gov) o tumawag sa 1.833.NJDCR4U. Ipinapatupad ng Dibisyon sa Mga Karapatang Sibil (Division on Civil Rights, DCR) ang LAD, na nagpoprotekta sa lahat ng tao mula sa diskriminasyon sa NJ anuman ang katayuan sa imigrasyon. Upang malaman ang higit pa, i-click [dito](#).

*Pinoprotektahan ka ng LAD laban sa paghihiganti. Walang sinuman ang maaaring gumanti sa iyo para sa pag-uulat ng mga posibleng paglabag sa LAD; paghahain ng reklamo sa diskriminasyon sa loob, sa DCR, o sa korte; o paggamit ng anumang iba pang mga karapatan sa ilalim ng LAD.*

Available sa iba pang mga wika sa [Seksiyon ng mga mapagkukunan](#) ng website ng DCR.

Upang malaman ang higit pa o upang maghain ng reklamo, pumunta sa [NJCivilRights.gov](http://NJCivilRights.gov) o tumawag sa **1.833.NJDCR4U**



Tanggapan ng Abogadong Heneral ng NJ

[NJCivilRights.gov](http://NJCivilRights.gov)



DIVISION ON  
**NJ CIVIL RIGHTS**  
@CivilRightsNJ #CivilRightsNJ #StandUpAgainstHate



03/11/2024